




REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO
MUNICIPALITY OF GLORIA


OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN


Municipal Building- Rizal Street, Maligaya, Gloria Oriental Mindoro 5209/ Secretariat: sbgloria2015@gmail.com, 09070521125, 09178790062,



HON. RAMON G. SOLAS
Presiding Officer


HON. CRISPIN J. BAWASANTA
Sangguniang Bayan Member


HON. NICK ORLANDO M. JAMILLA
Sangguniang Bayan Member


HON. NICANDRO F. FABON, JR.
Sangguniang Bayan Member


HON. ROMEO S. SADIWA
Sangguniang Bayan Member


HON. FELIX V. JARABE III
Sangguniang Bayan Member


HON. ELEUTERIO H. ROLDAN
Liga President

ON OFFICIAL BUSINESS:

HON. NORMA R. PAZ
Sangguniang Bayan Member

HON. ROMEO EDWARD P. ALVAREZ
Sangguniang Bayan Member

HON. LAURO L. DE BELEN
Sangguniang Bayan Member

KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG GLORIA, LALAWIGAN NG ORIENTAL MINDORO, NA GINANAP SA SILID PULUNGAN NG BAHAY PAMAHALAAN NOONG MAYO 15, 2018, MARTES SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. RAMON G. SOLAS - PANGALAWANG PUNONG BAYAN/
TAGAPANGULO
KGG. CRISPIN J. BAWASANTA - SB KAGAWAD
KGG. NICK ORLANDO M. JAMILLA- SB KAGAWAD
KGG. NICANDRO F. FABON, JR. - SB KAGAWAD
KGG. ROMEO S. SADIWA - SB KAGAWAD
KGG. FELIX V. JARABE III - SB KAGAWAD
KGG. ELEUTERIO H. ROLDAN - PANGULO
LIGA NG MGA BARANGAY

NASA OPISYAL NA GAWAIN:

KGG. NORMA R. PAZ - SB KAGAWAD
KGG. ROMEO EDWARD P. ALVAREZ- SB KAGAWAD
KGG. LAURO L. DE BELEN - SB KAGAWAD

X-----X

KAPASYAHAN BLG. 2018-67

ISANG KAPASYAHANG NAGPAPATIBAY SA PAMBARANGAY NA KAUTUSAN BLG. 3 s. 2017 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG MALUBAY, BAYAN NG GLORIA, LALAWIGAN NG ORIENTAL MINDORO NA MAY TITULONG "KAUTUSANG NAGLALAYONG IPATUPAD ANG PAGPAPAREHISTRO AT PAGPAPAHIRO NG MGA ALAGANG KALABAW, BAKA AT KABAYO SA NASASAKUPAN NG BARANGAY MALUBAY, GLORIA, ORIENTAL MINDORO".

SAPAGKAT, ayon sa Seksyon 391 (1) ng Local Government Code of 1991 ang Sangguniang Barangay ay may kapangyarihan na magpasa ng mga kautusan upang iangat ang antas ng kagalingang panglahat ng kanilang nasasakupan;

SAPAGKAT, ang naturang pambarangay na kautusan ay isinumite sa Sangguniang Bayan ng Gloria at ito ay pinag-aralan ng Komitiba ng Batas at Ordinansa;

SAPAGKAT, ayon sa pag-aaral ng komitiba, ang pambarangay na kautusan ay inihahain sa pambarangay na asembliya alinsunod sa mga itinatadhana ng batas;

SAPAGKAT, matapos ang pag-aaral ng Komitiba ng Batas at Ordinansa, iminungkahi ng komitiba na tanggalin o baguhin ang Seksyon 6 ng nasabing kautusan at kung ito ay babaguhin ay isulat ito tulad ng sumusunod:

"Seksyon 6. KAPARUSAHAN. Ang hindi pagsunod sa itinadhana ng Kautusang ito at napatunayang lumabag ay papatawan ng multa na nagkakahalaga ng P _____

SAPAGKAT, iminungkahi rin na pag-usapan ng Sangguniang Barangay ang tamang halaga ng multang ipapataw at matapos na ito ay mapagkasunduan ay muling isumite sa Sangguniang Bayan ang sipi ng bagong probisyon;

SAPAGKAT, iminumungkahi muli na matapos matanggap ang Kapasyahan ng Sangguniang Bayan na nagpapatibay sa nasabing kautusan ay kailangang gumuwa ang Sangguniang Barangay ng mga alituntunin sa pagpapatupad para sa lalong ikagagaling ng lahat (IRR).

SAPAGKAT, ang mga nasabing kautusan ay naaayon sa tamang pagbabalangkas ng isang kautusan sapagkat ito ay naaayon sa mga probisyong nakasaad sa Local Legislation Handbook ni Reverendo M. Dihan na may mga katangiang nagbibigay ng tamang regulasyon, di salungat sa Pambansa at Pambayang umiiral na batas, makatarungan at di mapaniil, walang kinikilingan at itinatangi, at makatuwiran at higit sa lahat hindi salungat sa Saligang Batas ng Pilipinas;

Sa mungkahi ni Kgg. Crispin J. Bawasanta na pinangalawahan ni Kgg. Felix V. Jarabe III, ay


IPINASIYA, na pagtibayin na kagaya sa ngayon ay buong pagkakaisang pinagtibay ng Sangguniang Bayan ng Gloria, ang Pambarangay na Kautusan Blg. 3 s. 2017, na naglalayong ipatupad ang pagpaparehistro at pagpapahiro ng mga alagang kalabaw, baka at kabayo sa nasasakupan ng Barangay Malubay, Gloria, Oriental Mindoro”;

IPINASIYA PA RIN na ang pagpapatibay ng kautusang nabanggit ay magkakabisa matapos ang sampung (10) araw ng pagpapatibay dito ng Sangguniang Bayan ng Gloria at matapos ang pagpapaskel ng mga sipi nito sa mga lantad na lugar sa barangay, kalakip ang sipi ng Resolusyong ito, kaya’t ang Sangguniang Barangay ng Malubay ay inaatasang sumunod sa probisyon ng pagpapaskel;


IPINASIYA SA WAKAS, na pahatdan ng sipi ng Resolusyong ito ang Sangguniang Barangay ng Malubay, Gloria, Oriental Mindoro, sa pamamagitan ni Punong Barangay Redentor R. Larga, para sa kanilang kaalaman at pagtalima.

BUONG PAGKAKAISANG SINANG-AYUNAN. PINAGTIBAY: MAY 15, 2018


PINATUTUNAYANG WASTO:


NOEL L. HERNANDEZ
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:


KGG. RAMON G. SOLAS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


KGG. GERMAN P. PRODEGERIO
Punong Bayan